Nobyembre 22, 2021. Kautusang Tagapagpaganap 2021-31

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2021-31**
**(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 95)**

**SAPAGKAT**, mula noong Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 1.7 milyong tao, at kumitil ng buhay ng higit sa 26,000 na mga residente; at,

**SAPAGKAT**, habang patuloy na tumutugon ang Illinois sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubha at matinding karamdaman sa paghinga na mabilis na kumakalat sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang pasanin sa mga residente, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tagatugon, at mga pamahalaan sa buong Estado ay walang uliran; at,

**SAPAGKAT**, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, ang Delta variant ng coronavirus ay mas agresibo at mas madaling maihawa kaysa sa dating kumakalat na mga strain nito, at nagdudulot ito ng mga bagong panganib sa patuloy na pagsisikap na matigil at mapabagal ang pagkalat ng virus; at,

**SAPAGKAT**, ang Delta variant ay maaaring maging sanhi ng mas malubhang karamdaman kaysa sa mga naunang strain ng virus; at,

**SAPAGKAT**, tinantya ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na ang Delta variant ngayon ay bumubuo ng higit sa 99 na porsyento ng lahat ng mga sequenced coronavirus sa U.S.; at,

**SAPAGKAT**, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Gubernatorial Disaster Proclamation, ang mga pangyayaring nagdudulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng virus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

**SAPAGKAT**, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng 26,000 na mga taga-Illinois at negatibong pinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

**SAPAGKAT**, ang CDC ay nag-ulat na ang pagkakaroon ng mga mood disorder, kabilang ang depresyon, ay nagpapataas ng posibilidad na magkaroon ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang pandemya ng COVID-19—kabilang ang pinsala nito sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan, ekonomiya, at sistema ng edukasyon—ay negatibong nakaapekto sa kalusugang pangkaisipan ng maraming tao, kung saan mas maraming mga adulto sa Estados Unidos ang nag-ulat ng mga sintomas ng pagkabalisa o depressive disorder kaysa sa mga nakaraang taon at ang mga kabataan, mga lahi at etnikong kabilang sa minorya, kababaihan, essential workers, at walang bayad na mga tagapag-alaga ng mga nasa hustong gulang ay nakaranas ng mas malubhang kinahinatnan sa kalusugang pangkaisipan, malalang paggamit ng droga, at mataas na imahinasyon ng pagpapakamatay; at,

**SAPAGKAT**, nagdulot din ang pandemya ng COVID-19 ng kritikal na kakulangan ng mga propesyonal sa kalusugang pangkaisipan sa Illinois, kabilang ang mga propesyonal na tagapayo *[counselor]*, mga social worker, at mga psychologist, na partikular na nakaapekto sa mga taga-Illinois na na naninirahan sa mga kanayunan pati na rin sa mga taong mababa ang kita at underinsured; at,

**SAPAGKAT**, maraming mga ehekutibong ahensya sa Estado ang patuloy na itinutuon ang kanilang limitadong pinagkukunang-yaman sa nagpapatuloy na tugon sa pandemya ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, batid ko na mahalagang gumawa ng hakbang upang mapanatili at subukang madagdagan ang kasalukuyang pagkakaroon ng mga tagapagbigay ng kalusugang pangkaisipan para sa pagpapanatili ng kalusugan sa kaisipan at kaligtasan ng publiko sa buong Estado ng Illinois, upang matiyak na ang ating sistema ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan, na kinabibilangan ng pangangalaga sa kalusugan ng kaisipan, ay may kakayahang maglingkod sa mga nangangailangan ng paggagamot; at,

**SAPAGKAT**, ang mga dati nang lisensyadong propesyonal sa kalusugang pangkaisipan na may hindi aktibo o nag-expire na mga lisensya ng limang taon o mas mababa pa, na ang mga lisensya ay hindi pa binawi, sinuspinde, o kaya'y hinadlangan, ay maaaring magsagawa ng kanilang propesyon nang ligtas at may makatuwirang paghuhusga at kasanayan; at

**SAPAGKAT**, noong Nobyembre 12, 2021, bilang pagsasaalang-alang sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto nito sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara ko ang lahat ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAMAKATUWID,** sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ipinagkaloob sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at naaayon sa mga kapangyarihan sa mga batas sa pampublikong kalusugan, iniuutos ko ang mga sumusunod, na kaagad na ipatutupad:

**Seksyon 1: Mga Propesyonal na Tagapayo *[Counselor]* at Mga Klinikal na Propesyonal na Tagapayo**

Sa panahon ng Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna *[Gubernatorial Disaster Proclamation]*, ang mga sumusunod na kinakailangan para sa pagpapanumbalik ng isang hindi aktibo o nag-expire na lisensya ng limang taon o mas mababa pa na itinakda sa Mga Seksyon 50(b), (c), at (f) ng Professional Counselor and Clinical Professional Counselor Licensing and Practice Act, 225 ILCS 107, ay sinuspinde: patunay ng pagtugon sa patuloy na pag-aaral, sertipikasyon ng aktibong pagsasagawa ng propesyon sa ibang hurisdiksyon, at ang pagbabayad ng fee.

**Seksyon 2: Mga Social Worker at Mga Klinikal na Social Worker**

Sa panahon ng Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga sumusunod na kinakailangan para sa pagpapanumbalik ng isang hindi aktibo o nag-expire na lisensya ng limang taon o mas mababa pa na itinakda sa Mga Seksyon 11(b) at (b-5) ng Clinical Social Work and

Social Work Practice Act, 225 ILCS 20, ay sinuspinde: patunay ng kalakasan ng katawan *[fitness]*, sertipikasyon ng aktibong pagsasagawa ng propesyon sa ibang hurisdiksyon, at ang pagbabayad ng fee.

**Seksyon 3: Mga Klinikal na Psychologist**

Sa panahon ng Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga sumusunod na kinakailangan para sa pagpapanumbalik ng isang hindi aktibo o nag-expire na lisensya ng limang taon o mas mababa pa na itinakda sa Seksyon 13 ng Clinical Psychologist Licensing Act, 225 ILCS 15, ay sinuspinde: patunay ng kalakasan ng katawan, sertipikasyon ng aktibong pagsasagawa ng propesyon sa ibang hurisdiksyon, at ang pagbabayad ng fee.

**Seksyon 4: Pagpapatupad:**

Ang Department of Financial and Professional Regulation ay maaaring magbigay ng karagdagang patnubay at magpatupad ng mga tuntunin o pagkakaiba na naaayon sa mga tuntunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito.

**Seksyon 5: Pangligtas na Sugnay**

Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang dapat ipakahulugan na lumalabag sa anumang batas ng Estado o pederal.

**Seksyon 6: Pagkakahiwalay**

Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay walang bisa ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa anumang iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang di-wastong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring ihiwalay.

**Seksyon 7: Petsa ng Pagkabisa**

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado at mananatiling may bisa hanggang sa ito ay wakasan o mabago.

______________________
**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Nobyembre 22, 2021
Inihain ng Kalihim ng Estado Nobyembre 22, 2021